



## ANO ANG MGA NAKAMIT NG MGA IMBESTIGASYON NG OMBUDSPERSON?

- Bill of rights ng mga residente sa residential care facilities
- mga pinahusay na pamamaraan upang bawasan ang mga delay sa mga aplikasyon para sa interprovincial child support
- best practices upang makapunta ang publiko sa mga pagpupulong ng local council
- isang updated na patakaran para sa youth custody na nagtatakda ng mga malinaw na limit at mga inaasahan sa hiwalay na confinement
- isang proseso ng apela na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga mga sumasakay ng transit na may kapansanan
- Pinagsamang refund na mahigit sa \$100,000 sa daan-daang mga taong apektado ng kamalian sa utility billing
- karagdang pagkakataon para sa isang estudyante pagkatapos palitan ang proseso ng apela sa kolehiyo
- refunded fees para sa isang may-ari ng bahay na sumasalungat sa isang may kamaliang proseso ng pagpapatupad ng bylaw

*Ang isang reklamo mula sa isang tao ay maaaring mauwi sa mga sistemikong pagbabago na magbebenepisyo sa maraming British Columbians.*

## PAANO MAKOKONTAK ANG OPISINA NG OMBUDSPERSON:

**Toll Free:** 1.800.567.3247

**Sa Victoria:** 250.387.5855

**Fax:** 250.387.0198

**On-line:** [www.bcombudsperson.ca](http://www.bcombudsperson.ca)


**Magpadala ng sulat:** PO Box 9039 STN PROV GOVT,  
Victoria, BC V8W 9A5 Canada

**Puntahan:** Second Floor, 947 Fort Street,  
Victoria, BC Canada



*Makapagbibigay ng interpretasyon sa telepono sa mahigit sa 150 wika.*

Mag-subscribe sa E-News sa [www.bcombudsperson.ca](http://www.bcombudsperson.ca) para sa mga paunawa sa email ng mga report, newsletters, at updates tungkol sa status ng mga rekomendasyon ng Ombudsperson.



**Nagtrabaho para sa kabutihan ng lahat ng British Columbians**

**Kumikilos nang mag-isa at nang walang kinikilingan**

**Nagbibigay ng libre at lihim na mga serbisyo**

**Tumutulong na maghanap ng mga makatwirang resolusyon**



## ■ ANO ANG MAGAGAWA NG OMBUDSPERSON?

Ang Opisina ng Ombudsperson ay tumatanggap ng mga reklamo tungkol sa mga programa, mga serbisyo, at mga praktis ng mga pangprobinsiya at local public na awtoridad.

Ang Opisina ng Ombudsperson ay makapagsasagawa ng walang-kinikilingan at kompidensiyal na mga imbestigasyon upang malaman kung trinatrato ng isang publikong grupo ang mga tao nang makatwiran at makatarungan. Ang Ombudsperson ay isang opisyal ng probinsiyal na lehislatura at ito'y hiwalay sa pamahalaan at mga politikal na partido.

## ■ KAMI AY:

- tumutugon sa mga katanungan mula sa publiko
- nagbibigay ng impormasyon, payo at tulong tungkol sa mga paksa ng pagiging makatwiran ng administrasyon
- nagsasagawa ng kompleto, walang-kinikilingan, at hiwalay na mga imbestigasyon sa mga reklamo
- naghahanap ng mga makatwirang pagtatalaga at gumagawa ng mga rekomendasyon upang pahasayin ang mga pagkilos ng administrasyon
- minomonitor ang mga reklamo para sa kasalukuyan o paulit-ulit na mga kaso ng pagkawalang-katarungan ng administratibo na maaaring mangailangan ng sistemikong aksyon
- nagbibigay ng mga ulat sa Legislative Assembly at sa mga tao ng British Columbia tungkol sa trabaho ng opisina at pagremedyo sa mga hindi makatwirang pagkilos ng administrasyon
- karaniwang nangangasiwa sa mga administratibong aksyon ng mga publikong grupo upang pahasayin ang pagiging malinaw at ang pananagutan

## ■ SINO ANG MAAARI NAMING IMBESTIGAHAN?

- mga pamprobinsiyang ministry
- mga pamprobinsiyang lupon at mga komisyon (hal., WorkSafe BC)
- mga pamprobinsiyang Crown corporation (hal., BC Hydro)
- mga munisipyo, mga rehiyonal na distrito, Islands Trust
- mga eskwelahan, mga lupon ng eskwelahan, mga kolehiyo, mga unibersidad
- mga ospital at mga awtoridad sa kalusugan
- mga iba't-ibang lupon ng mga katiwala sa pensyon
- mga ospital, mga pangkalusugang awtoridad
- propesyonal na regulatory bodies (hal., Law Society, College of Physicians and Surgeons)

## ■ SINO ANG HINDI NAMIN MAIIMBESTIGAHAN?

- mga kagawaran o ahensiya ng pederal na pamahalaan
- mga pribadong korporasyon
- mga hukuman
- pulis

*“Ang inyong opisina ay nagbibigay sa mga tao tulad ko ng boses na karaniwang nabibigo sa bureaucracy.”*

## ■ KAILAN AKO DAPAT MAGREKLAMO?

Dapat ninyo muna subukang kausapin ang publikong grupo mismo upang humanap ng solusyon sa inyong reklamo bago kayo magpunta sa Opisina ng Ombudsperson. Kung hindi ninyo maaayos ito at sa naniniwala ninyo'y hindi makatarungan ang pagtrato sa inyo ng publikong grupo, makakatulong ang Ombudsperson.

## ■ KAPAG MAY PROBLEMA KA SA ISANG PUBLIKONG GRUPO:

- kunin ang mga pangalan ng mga taong kausap ninyo
- tandaan ang kanilang mga sagot, kasama ang anumang mga petsang may kinalaman dito
- irekord ang mga sagot na nakukuha mo, kasama ng mga mahalagang petsa kung saan maaari
- tanungin kung paano at bakit ginawa ang isang bagay o kung bakit ginawa ang desisyon
- alamin kung may proseso ng rebyu o pag-apela at gamitin ang prosesong iyon kung maaari (ang opisinang ito ay maaaring hindi makapag-imbestiga sa isang reklamo kung saan may karapatang umapela)

## ■ KABILANG SA MGA RESULTA NG IMBESTIGASYON NG OMBUDSPERSON:

- bagong hearing o muling pagtatasa
- makakakuha ng benefit
- magpapaumanhin
- isasauli ang mga gastos
- mas mahusay na polisa o pamamaraan
- mas mahusay na paliwanag ng desisyon

**250.387.5855**  
Capital region

**1.800.567.3247**  
Toll-free



The Office of the

**ombudsperson**

B.C.'s Independent Voice For Fairness